

# 1

“Mandy, kumalma ka nga. Okay lang si Maxine. Isa pa, ’andun naman si Rye para bantayan ang kapatid mo.”

Nagmamadali pa ring naglakad si Mandy habang kinakaladkad ang kaibigang si Leine na nagsabing tinamaan ng bola sa mukha ang kanyang kakambal at hinimatay. Iniwan daw nito si Maxine sa infirmary kasama ang lalaking nagprisintang magbantay rito dahil may klase pa ito.

“Ayun na nga, Leine, kapag nakita ni Maxi na iba ang nagbabantay sa kanya, baka magwala ’yon. Hindi siya sanay makipag-usap sa tao. Nakakaawa naman si Rye kapag nagising si Maxi at nag-iisa siya d’on. Hindi na nga nakapaglaro ’yong tao.” Natamaan kasi ang kakambal niya ng bolang ipinasa ni Rye sa teammate nito kaya siguro nakokonsyensya ang lalaki.

“Kung bakit ba naman kasi ang tanga ng Kevin mo. Bigla na lang natulala. Maanong sa bola tumingin at hindi kung saan-saan.” Pumalatak pa si Leine.

Kay Kevin kasi ipinasa ni Rye ang bola pero nakatulala lang itong nakatingin sa gawi nila kanina.

Akala nga niya hindi na siya makakahinga dahil doon. Matagal na niya kasing crush ang binata.

“Hindi kasalanan ni Kevin ’yon. Masyadong malakas ang pasa ni Rye.”

“Sige, ipagtanggol mo pa. Alam naman nating pareho na si Kevin talaga ang may kasalanan.”

Sasagot pa sana siya pero may sumingit na sa usapan nila.

“Kasalanan ko ang alin?” Napahinto siya sa paglalakad at sa pagkaladkad kay Leine nang marinig ang boses ng lalaking hinahangaan.

Napatingin siya rito, na nasa tabi na pala niya. “A-ah, uh... ’yung ano...” Nawala ang sasabihin niya nang mapagmasdan ang guwapong mukha nito.

Ito ang unang beses na kinausap siya ni Kevin.

“Ang sabi ko, kasalanan mo kung bakit nasa infirmary ngayon ang kakambal ni Mandy. Kung bakit ba naman kasi hindi ka tumitingin sa bola,” prangkang saad ni Leine.

“Madeleine, ano ba?” saway niya. Ito ang unang beses na nakuha niya ang atensyon ng binata at ayaw niyang mawala kaagad iyon.

Napakamot sa batok si Kevin at nagpakawala ng isang ngiti na halos tumunaw sa kanyang puso.

“Sorry nga pala tungkol doon. Kasalanan ko talaga. Pupuntahan n’yo ba siya? Papunta rin kasi ako ngayon sa infirmary para tingnan siya. Hindi pa rin kasi nakakabalik si Rye, naisip kong d’un na lang kami magkita.”

“Maxine. Maxine ang pangalan ng natamaan n’yo ng bola. O, ’ayan, Mandy, siya na lang isama mo sa pagpunta sa kakambal mo. May gagawin pa kasi talaga ako.” Hindi siya agad nakaangal. Kung ganoon, maiiwan siya kasama si Kevin?

“Okay lang ba?” nahihiyang tanong ni Kevin sa kanya.

She found it really cute when he scratched his nape. She heaved a sigh. “Oo naman. Alam kong gusto mo ring mag-sorry sa kakambal ko. I’m Mandy and this is Leine.”

“Yeah. And I’m going. Goodbye, Mandy.” Iyon lang at tinalikuran na sila ni Leine.

Magpapasalamat siya rito bukas. Alam niyang sinadya nito ang pang-iiwan sa kanila Kevin. Wala naman talaga itong gagawin.

“Let’s go then?” nakangiting tanong sa kanya ng binata.

“Okay,” tipid na sagot niya habang pilit na itinatago ang kaba at saya. Langhap na langhap niya ang mabangong cologne ni Kevin.

“Sa tingin mo okay lang kaya siya?” tanong nito.

“Oo naman. Maxine is fine. Makakalimutan din niya ’yon mamaya.”

“Actually, nagulat ako nang makita ko siya kanina sa audience. Hindi ko kasi akalain na manonood siya. Nakakahiya tuloy...”

*Teka, kilala nito ang kapatid niya?*

Walang nababanggit si Maxine na kilala nito ang lalaking kinababaliwan niya. And she knew her twin sister very well. Aloof ito. Imposibleng nakausap na nito si Kevin.

“Kilala mo ang kakambal ko?” usisa niya sa kasama.

Ngumiti ito ng parang nahihiya at muling napakamot sa batok. “Actually, yes. Medyo matagal na. Pero alam kong hindi niya ako kilala.”

“Paano?” Kilala rin kaya siya nito?

“I’ve been watching her from afar. Iyon din ang dahilan kung bakit alam kong hindi niya ako kilala. Mahilig kasing mag-isa ’yong kapatid mo. Kung hindi ka niya kasama, sa library at computer lab lang ang punta niya. Hindi naman ako makalapit kasi nahihiya ako.”

Sinasabi ba ni Kevin na may gusto ito sa kapatid niya? Parang nagimbal ang mundo ni Mandy sa kaalamang iyon.

“Are you stalking my sister?”

He smiled sheepishly again. Naramdaman niyang sumakit ang ulo niya sa ginawi nito. Paano nangyari iyon? Paano nangyari na ang kapatid niya ang napansin nito at hindi siya?

“Medyo. Ang ganda kasi niya.”

*What?* Pinagloloko ba siya ng lalaking ito? Gusto niyang magpapadyak sa narining. Sinabihan nito na maganda ang kanyang kakambal. At siya? Magkamukha sila ni Maxine. They were identical, for goodness’ sake.

Mas natuto pa nga siyang mag-ayos sa kanyang sarili kumpara kay Maxine na simple lang. Nagandahan ito sa kamukha niya pero sa kanya *hindi*? Paano nangyari iyon?

“At kay Maxine ka nakatingin kanina kaya hindi mo nasalo ang pasa ni Rye?” Kahit may ideya na siya sa sagot nito ay itinanong pa rin niya iyon.

“Yes. It was the first time that I saw her watch a game. At game pa namin. I was really stunned when I saw her. I wasn’t expecting that. I was just so glad I saw her.”

*That’s because of me, idiot!* gusto niyang isigaw rito.

Siya ang pumilit kay Maxine na manood ng laro ni Kevin.

“Nakakahiya nga lang at hindi man lang ako nakapagpasikat sa kanya. Nadisgrasya pa siya dahil sa katangahan ko,” pagpapatuloy nito.

Durog na durog na ang puso ni Mandy sa sinasabi nito. Daig pa niya ang natamaan ng bola.

May gusto ang taong gusto niya sa kanyang kakambal! Naiinis siya sa lalaki. Kung ganoon, hindi talaga nagkataon lang na nakikita niya si Kevin saan man sila naroon ni Maxine. Madalas kasi niyang napapansin na bigla na lang itong sumusulpot kahit nasaan sila.

It was because he was stalking her sister!

“Natahimik ka na diyan. Iniisip mo na ba kung paano mo ako ibubuking sa kakambal mo?”

Sinalubong niya ng tingin ang nakangiting mga mata ng binata. Guwapo talaga ito at malakas ang dating. Matalino pa at varsity player. Hindi nakakapagtaka na nagkagusto siya rito. Nakakalungkot isipin na ang kakambal niya ang nakakuha ng atensyon nito. Ang kakambal niya na walang ginawa kundi ang umiwas sa tao.

Pilit siyang ngumiti kay Kevin at huminto sa paglalakad.

Tumigil siya sa paglalakad at kinuha ang cellphone sa kanyang bag. Sandali siyang nagkutingting sa gadget bago hinarap ang binata na tumigil din sa tabi niya.

“Kevin, umuwi ka na. Umuwi na rin pala kasi si Maxi. Siya iyong nag-text. Nasa bahay na raw siya at nagpapahinga.” Hindi niya gustong magsinungaling dito, pero mas mabuti na sigurong hindi muna nito makilala ang kakambal niya.

Alam niyang hindi ito papansinin ni Maxine. Hindi niya alam kung hanggang saan ang gagawin ni Kevin para lang magpapansin sa kanyang kapatid, pero saka na niya poproblemahin iyon. Muling

nilukob ng lungkot ang kanyang puso.

“Ganoon ba?” Naging dismayado ang maaliwalas na mukha nito.

Tumango siya. “Sasabihin ko na lang sa kanya na himihingi ka ng sorry at gusto mo siyang dalawin.”

“O-okay. Mas gusto ko sana kung ako ang hihingi ng sorry. Pero, sige. Salamat, Mandy. Mauna na ’ko. Ingat.” Tumalikod na ito sa kanya pagkatapos magpaalam.

Ang tagal na niya itong gusto at ang tagal na niya itong binabantayan. Bakit ba hindi man lang niya nahalata na ang kakambal pala niya ang napupusuan nito? Si Maxine ba ang dahilan kung bakit wala siyang nabalitaang girlfriend ni Kevin mula nang mag-transfer ito sa school nila?

Nagpakawala si Mandy ng malalim na buntong-hininga at lulugo-lugong tumuloy sa infirmary nang masigurong nakaalis na si Kevin.

---

“Pasok! Bukas iyan,” narinig niyang sabi ng kanyang kakambal.

Pumasok na si Mandy sa kuwarta ni Maxine. Nakapatay ang ilaw sa loob ng silid at ang tanging



nagbibigay ng liwanag doon ay ang nakabukas na desktop computer. Binuksan niya ang ilaw at umupo sa kama nito.

“Ano’ng problema mo, Mandy, bukod sa sapak sa utak mo?” tanong ni Maxine na nasa computer screen ang atensyon.

“Wala naman. Kumusta ang mukha mo? Hindi na ba masakit?” Nang umalis kasi sila sa infirmary ay hindi sila gaanong nakapag-usap. Tahimik siya dahil sa nalaman niya. Si Maxi, hindi magsasalita pag hindi kinakausap. “Hindi na. Mas sumakit ang ulo ko d’un sa lalaking nagbantay sa akin sa infirmary.”

“Kay Rye?”

“Kung sino man siya. Ang daldal at ang kulit kasi.” Tinawanan niya ang sinabi nito. Marahil iyon ang dahilan kung bakit iritable si Maxine kanina nang umuwi sila.

“Huwag ka nang magalit d’un sa tao. Nag-aalalang siya sa ‘yo.” Ayaw talaga nito sa makukulit na nilalang.

Kung magtatapat kaya si Kevin dito, may pag-asa kayang magustuhan ito ng kakambal? Alam niyang may kakulitan si Kevin, pero paano kung madaan nito sa kulit si Maxi?

“Mukha ka na namang tanga, Mandy. Ano ba’ng iniisip mo? Si Kevin na naman ba? Hindi ka iniisip n’on kaya tigilan mo na ’yan. May naalala nga pala ako. Sabi ng nagbantay sa akin, si Kevin daw dapat ang sasalo sa bola na ipinasa niya, na hindi niya nagawa, kaya iyon tumama sa akin. Ano ba naman ang lalaking iyon? Pagsalo na nga lang ng bola hindi pa niya magawa nang maayos. Puwede ko bang sapakin ’yong Kevin mo?”

Ngumiti na lang siya. Nakaharap na sa kanya ngayon si Maxine. Nag-iisip siya kung sasabihin ba rito ang mga nalaman niya. Hindi niya ugali ang maglihim kay Maxine. Lahat halos ay sinasabi niya rito.

“Hayaan mo na lang siya, Maxi. Baka masayang ang effort mo,” pabiro niyang saad.

“Naisip ko rin iyan. Baka saktan mo pa ako kapag kinanti ko ang Kevin mo.”

“Hindi, ah. Mas mahal kaya kita d’on.”

“Huwag mo na akong lokohin, Mandy.”

“Ang sama mo sa akin, Maxi. Ako kaya ang kakampi mo.”

“Wala akong kaaway kaya hindi ko kailangan ng

kakampi.”

Hindi na lang niya pinansin ang sinabi nito. “Ano ba ’yang ginagawa mo? Kaya lumalabo mata mo dahil sa kakatutok mo sa computer.”

“Ano naman? Ikaw nga hindi ko pinapakialaman sa kakasunod mo kay Kevin. Pabayaan mo ako at ang computer ko. Isa pa, mahalaga ang ginagawa ko rito. Makipagchikahan ka na lang kila Leine tungkol sa pagkahibang mo sa lalaking iyon na hindi ka naman pinapansin.”

Nalungkot siya nang marinig ang sinabi ni Maxine. Hindi niya alam kung matutuwa siya na parang hindi ito apektado kay Kevin.

Tama ang sinabi nito. Sunod siya nang sunod sa binata pero hindi naman siya pinapansin. Samantalang itong walang interest kay Kevin ay siyang gusto ng lalaking iyon.

“Maxi, may tanong ako. Paano kung magkagusto sa’yo si Kevin? O kaya paano kung magkagusto sa akin ang taong gusto mo?”

Tumalim ang tingin sa kanya ng kakambal. “Anong klaseng tanong ’yan, ha, Mandy?”

“Hypothetical lang naman, Maxi. Sagutin mo na

lang.”

Inirapan siya nito at muling hinarap ang computer.

“Hindi ko maintindihan kung bakit mo ako tinatanong ng ganyan. Bata pa ako, Mandy, at hindi ko pa naiisip ang mga bagay na ’yan. Ano’ng gusto mong isagot ko? Ikaw ang makamundo na kung mag-isip sa ating dalawa. Ang aga mo kasing naglandi.”

Bahagya siyang natawa. “Maxi naman. Subukan mo lang sagutin.”

“Kung may gusto sa akin si Kevin, hindi ko siya papansinin at mas mabuti sana kung hindi ko na lang iyon malalaman. It may cause conflict between us, Mandy, and I won’t like it. Alam ko ang kahibangan mo sa lalaking iyon kaya maaga kong sisirain ang pagpapantasya niya sa akin oras na malaman ko na may gusto siya sa akin. Isa pa, ano nama’ng gagawin ko sa kanya? Eh, hindi ko naman siya gusto.”

Napayuko siya sa sinabi nito. Siguradong-sigurado ito sa mga sinabi.

“Tungkol naman sa pangalawa mong tanong na paano kung magkagusto sa ’yo ang taong gusto ko, okay lang sa akin. Hindi naman ibig sabihin n’on, eh, gusto mo rin siya. Gagawin ko na lang lahat ng

paraan para mabaling sa akin 'yong nararamdaman niya. I won't give up easily. Mas okay na ginawa ko ang best ko para sa kanya kesa naman tumunganga na lang ako at hayaan lang siya na mahulog sa 'yo. Pero kung magkakagusto ka din sa kanya, baka I'll consider backing off. Mahirap ka kasing kalaban lalo na kung ikaw talaga ang nasa puso niya," mahabang paliwanag nito.

Lahat ng sinabi nito ay may sense para sa kanya. Maxine was always reasonable and decisive. Ngumiti siya rito at tumayo mula sa kama.

Nilapitan niya ito. "Thanks, Maxi."

"Thanks saan?" nagtatakang tanong nito.

"Wala lang. Gusto ko lang mag-thank you."

"Ewan ko sa 'yo. Lumabas ka na nga! Ginugulo mo ako sa ginagawa ko."

"Ano bang ginagawa ang sinasabi mo? Wala naman akong makita d'yan sa screen mo kung hindi black na background at may text na 'hello world.' Kanina ka pa type nang type d'yan, iyan lang pala ang lalabas."

"Shut up, Mandy. Hindi mo kasi naiintindihan. Program 'yan. Mag-aral ka nga. Puro kasi si Kevin ang

nasa utak mo. Kaya lagi kang nasasabon ni Mom.” Sa kanilang dalawa, ito ang palaging gustong mag-try ng ibang bagay. Ito ang mas focused sa pag-aaral at ito ang halos walang effort kapag nag-e-exam. Madami kasi itong stack knowledge sa katawan.

“O, sige. Sorry sa istorbo. Good night.”

“Yeah. Don’t forget to do your homework before stalking your Kevin. Good night, Mandy.”

Ngumiti siya rito at lumabas na. Nagpasya siyang huwag na lamang sabihin dito na may gusto rito si Kevin. Kung may balak man magtapat dito ang binata, wala siyang magagawa.

Sa ngayon, buo na ang pasya niya. Hindi siya titigil sa pagkakagusto kay Kevin.

## 2

Mahigpit ang pagkakahawak ng dalawang kamay ni Mandy sa dalang tray. Pasado alas dos na ng hapon pero ngayon palang siya kakain. Member siya ng tennis club at napatagal ang meeting nila kanina. Wala na tuloy sa oras ang tanghalian niya.

Si Maxine ay may klase, ganoon din ang iba pa niyang mga kaibigan. Wala tuloy siyang choice kundi ang mag-isang kumain. Mabuti na lang at kakaunti ang tao sa canteen nang mga oras na iyon.

Iyon nga lang, wala na siyang naabutang heavy meals kaya nag-settle na lang siya sa burger at kakarampot na fries. Idadaan na lang niya sa ketchup ang pagkain.

“I’m so hungry,” mahinang usal niya nang maibaba na ang tray ng pagkain at makaupo. Luminga siya sa kabilang table at napangiti nang makitang nandoon ang kailangan niya. Kaagad niyang inabot ang plastic bottle ng ketchup. Nilagyan niya ng maraming ketchup ang kanyang burger.

“Hi. Mag-isa ka yata, Mandy.” Natigil siya sa pagkagat sa kanyang burger nang makita si Ronnie.

Isa ito sa mga lalaking nagpapalipad-hangin sa kanya.

“Obvious ba?” pagtataray niya matapos lumunok. Ilang beses na niya itong sinabihan na wala itong mapapala sa pangungulit sa kanya, pero hindi pa rin ito tumitigil.

“Gusto mo samahan kita? Mamaya pa naman ang klase ko.” Binitiwang niya ang kanyang burger at bumaling sa lalaki.

“Alam mo, Ronnie? Kaya hindi ka mapirmi-pirmi sa iisang course ay dahil sa wala kang interes mag-aral. Kung ako sa 'yo mag-aral ka at mag-isip kung ano ba talaga ang gusto mo sa buhay kaysa 'yong ako ang iniistorbo mo. Baka pareho pa tayong matahimik. Go! I want to eat in peace.” Lulugo-lugo itong umalis.

Hindi na bago sa kanya ang ganoong eksena. Ang totoo, madalas na nangyayari sa kanya iyon.

“Hi, Mandy! Kumusta?”

*Oh, no! Not again!* Huminga siya nang malalim at muling ibinaba ang kanyang kinakain.

Kurt was standing in front of her. Varsity player ito ng volleyball at isa sa nagpupumilit na manligaw sa kanya. Bukod sa wala siyang kainte-interes sa mga lalaking asungot ay isa lang talaga ang gusto niya. At



si Kevin Jon Cabello iyon. Wala nang iba.

“Okay lang sana ako, Kurt, kaso nagpakita ka pa. Nawalan tuloy ako ng ganang kumain.” Umarte pa siya na tila wala na ngang gana.

“Sorry. Sige, aabangan na lang kita mamaya sa tennis court.” Inirapan niya ito.

“Nag-quit na ako sa tennis club. Kaya kung puwede umalis ka na muna sa harapan ko.”

“Nag-quit ka? Kailan pa?”

“Ngayon lang. Sige na, alis!” May sasabihin pa sana ito ngunit hinatak na ito palabas ng kasama.

Nakahinga siya nang maluwag. Tumingin siya sa kanyang pagkain at nalungkot nang makita ang nangyari sa fries niya. Malambot na iyon dahil masyado nang nahanginan.

“Nakakainis kasi ang mga iyon! Istorbo sa buhay kahit kailan!” Naiinis na dinampot niya ang isang piraso ng fries at pinuno iyon ng ketchup. Pagkatapos ay kumagat siya nang malaki sa kanyang burger. Ngayon niya naramdaman kung gaano siya kagutom.

“Hi.”

“Ano ba?” singhal niya sa kung sino na namang

mangungulit sa kanya. Nahigit niya ang hininga nang makita ang sinungitan.

It was Kevin and he was scratching his nape while staring at her. And he was so cute while smiling at her. Bigla siyang nahiya kaya pinunasan niya muna ng tissue ang kanyang bibig. Baka kasi puno na iyon ng ketchup.

“Okay ka lang ba? Ang sungit mo yata?”

Hindi pa alam ni Mandy kung paano ito pakikitunguhan matapos ang mga nalaman niya kahapon. Kung hindi lang niya alam na ang kakambal niya ang gusto nito ay baka naglulupasay na siya sa kilig ngayon.

“Pasensya ka na, Kevin. Kanina pa kasi may nang-iistorbo sa akin sa pagkain.” Ngumiti siya rito.

Ibinaba nito ang gym bag sa lamesa at umupo sa harapan niya.

“Napansin ko nga. You’re good, huh,” nakangiting tugon nito.

“Good saan?”

“At handling annoying people.”

“Ah, iyon ba. Ayoko lang naiistorbo sa pagkain.”

Kumuha siya ulit ng fries na nilunod sa ketchup. Napakunot ang noo niya nang hagipin ni Kevin ang gym bag nito at akmang tatayo. “Saan ka pupunta?” nagtatakang tanong niya.

“Aalis na. Baka kasi nakakaistorbo ako sa pagmemerienda mo.”

Hindi siya makakapayag. “No. Hindi ka naman asungot. Okay lang. Samahan mo muna ako.”

Laking pasalamat niya nang muling bumalik ito sa pagkakaupo at ngumiti sa kanya. Ginantihan niya rin iyon ng matamis na ngiti.

“Bakit ang aga naman yata ng merienda mo?”

She swallowed her food first. “This is my lunch. Ganado kasing magpa-meeting ’yong captain namin sa club kaya inabot nang dalawang oras. Ito na lang ang naabutan kong pagkain dito.”

“I thought nag-quit ka na?”

Kumunot ang noo niya sa narinig. “Sino may sabi?”

“Ikaw.”

“Ako?” Itinuro pa ni Mandy ang sarili.

“Silly.” He gently poked her forehead then gave

her his charming smile.

Nabitin sa ere ang kanyang hininga. Hinawakan siya nito. Hindi siya makapaniwala.

“That’s what you told the guy that was bugging you earlier.”

Gusto niyang tumili sa nalaman. Ibig sabihin kanina pa ito nandoon at narinig nito ang sinabi niya kay Kurt.

“Ah, iyon ba? Sinabi ko lang ’yon para itaboy siya. Makulit kasi ’yong asungot na ’yon.”

“Pansin ko nga. Anyway, how’s your sister?”

Nawala ang ngiti sa mga labi ni Mandy. Kaya ba siya nilapitan ni Kevin ay para kumustahin ang kakambal niya? Bakit pa nga ba siya magtataka roon?

“S-she’s fine. Pumasok naman siya ngayon. Hindi mo ba napansin?”

“Nope. Busy ako sa plates ko kaya hindi ko siya napuntahan sa mga usual na tambayan niya.”

Para siyang dinagukan sa dibdib sa narinig. Kung hindi pala ito busy sa projects ay hindi niya ito makakausap ngayon. Marahil ay busy ito sa pagbuntot sa kakambal niya.

“Puwedeng magtanong?”

“Sure. Fire away.”

“Ano’ng nagustuhan mo sa kapatid ko? Bakit mo siya gusto?” Mukhang hindi nito inaasahan ang tanong niya. Maging siya ay nagulat sa sarili. Pero gusto niyang malaman. Baka sakaling makatulong iyon sa kanya.

Kevin leaned back against his seat and stared at her. “I really don’t know, Mandy. Kailangan ba may dahilan lagi para magustuhan mo ang isang tao?”

*Oo! Kasi lahat ng dahilan ay mayroon ako kaya kita nagustuhan!* hiyaw niya sa utak niya.

“Then just tell me what you like about her.”

Ngumiti ito at tila nag-isip.

“Well, I like her aloofness. The first time I saw her, I accidentally bumped into her at the library. I said sorry but she just rolled her eyes and ignored me. The second time we met, I tried to approach her on the bench but I was taken aback when I got near her. She was just so engrossed in what she was reading and I didn’t have the heart to disturb her. And she looked really cute while adjusting her glasses. ’Tapos ’yon na, naging hobby ko na halos araw-araw

ang paghahanap kung nasaan siya o ang pagsunod sa kanya. Maybe I just really like her.”

Natahimik si Mandy. Walang duda. Gustong-gusto nito ang kapatid niya. Ngumiti siya nang mapakla at lihim na tinawanan ang sarili. Ang tagal siyang stalker nito pero hindi man lang iyon sumagi sa isip niya. Hindi niya napansin na may iba itong sinusundan-sundan, at kakambal niya pa! Kahit alam niyang wala itong pag-asa kay Maxine, nababahala pa rin siya.

Bakit pa kasi niya nalaman na may gusto ito sa kapatid niya?

“Kevin, she’ll never like you back. Hindi sa paraang gusto mo,” prangka niyang sabi.

“I know that, Mandy. But who cares kung hindi man niya ako magustuhan? I’m fine with watching her from afar. For me that’s enough for now.”

“Bakit hindi na lang iba ang gustuhin mo? Huwag ka nang mag-aksaya ng time sa kapatid ko.” Nakaramdan siya ng inis. At kumikirot na ang puso niya sa sinasabi nito. Lahat ng ginagawa niya rito ay ginagawa nito sa kapatid niya. Mula sa pagtingin sa malayo at sa pagiging kuntento na lang doon.

“It’s all right. I like exerting time and effort for

her. Mandy, puwede bang 'wag na nating pag-usapan si Maxine? Medyo awkward kasi. Lalo pa't kakambal mo siya." Ngumiti ito na tila nahihiya.

"Okay," tipid na sabi niya at nag-umpisang idutdot ang fries sa ketchup.

"Thanks, Mandy. Oh, wait. Ito, try mo." May kinuha itong plastic sa bag at inilabas. "May tinulungan akong matanda kanina 'tapos binigyan niya ako ng chicharon. This was the reason why I came here. Akala ko kasi may suka dito. Wala naman pala. Mukhang masarap pa rin naman ito kahit walang sawsawan."

Parang may pumisil sa puso niya sa kuwento ni Kevin. Mayaman ang pamilya nito sa pagkakaalam niya. Tumanggap ito ng chicharon mula sa taong hindi nito kilala? Natunaw ang puso niya sa bagong nalaman tungkol dito. Hindi ito matapobre.

Binuksan nito ang plastik at nagsimulang kumain. Dinig na dinig niya ang ingay na nilikha ng pagkagat nito sa chicharon.

"Ayaw mo ba, Mandy? Masarap."

Ipinilig niya ang ulo. Napatulala kasi siya sa kaharap. Wala sa sariling kumuha siya at kinagat iyon.

“Masarap nga.” Tila nasiyahan si Kevin sa sinabi niya.

“Mas masarap sana ’yan kung may suka. Kaso wala, kaya tiis-tiis muna tayo ng walang sawsawan or maybe we can try to dip it in your ketchup.”

Actually, kanina pa nga niya iniisip na isawsaw ang chicharon sa ketchup. Muli siyang kumuha ng chicharon at nilagyan iyon ng ketchup saka iyon idinerecho sa bibig.

“Hmn, not bad. Try mo rin,” alok niya rito.

Sa kanyang pagkagilalas ay tumawa nang malakas si Kevin. Dinig na dinig sa loob ng canteen ang halakhak nito. Mabuti na lamang at sila na lang ang naroon. Bigla kasi siyang nahiya.

“You’re cool, Mandy!” sabi nito.

Nginisian niya lang ito. It was so nice to hear him laugh but at the same time she felt embarrassed.

“Naubos mo na ba lahat ng tawa mo?” Idinaan na lang niya sa pagtataray ang nararamdaman. Hindi na kasi niya makontrol ang tibok ng kanyang puso.

“Yeah. You looked cute and weird at the same time. Binibiro lang naman kita kanina. Huwag ka nang magalit sa ’kin.” Nginisian siya nito at nangalumbaba



sa harapan niya.

*Buwisit na lalaki!* Umarte siyang hindi apektado at itinuloy lang ang pagsawsaw ng chicharon sa ketchup. Hindi naman talaga masamang combination. Para sa kanya, lahat ay napapasarap ng ketchup.

“You’re a ketchup addict, aren’t you?” nakangiting untag ni Kevin.

“So? Masarap, eh.” Muli itong humalakhak at ginaya ang ginawa niya. Napangiti siya.

“Mmm, you’re right. It’s not bad.”

Sinuklian niya ng ngiti ang sinabi nito. Mayamaya pa ay naubos na nila ang chicharon. Nagulat siya nang mag-aya si Kevin.

“S’an tayo pupunta?” tanong niya rito habang inaayos ang kanyang bag.

“Sa library. It’s already three in the afternoon. ’Andun na ang kakambal mo. Halika na.” Napatigil siya sa pagbitbit sa kanyang bag sa narinig.

Ano? Isasama pa siya nito sa pag-i-stalk sa kapatid niya? Bago pa siya nakasagot ay tinangay na siya ni Kevin paalis ng canteen.

---

“Bakit tayo nagtatago rito sa bookshelf? ’Andoon si Maxi, o.” Sinisilip nila ang kakambal mula sa pagitan ng mga libro.

“Kasi hindi tayo puwedeng lumapit.”

“Ganito ba ang lagi mong ginagawa tuwing nandito ka sa library? Mukhang tangang sumisilip sa kapatid ko? Kung isumbong kaya kita?” Nakakatawa. Sa kanya pa nanggaling na mukhang tanga ito sa ginagawa samantalang mas malala ang ginagawa niyang pagsunod-sunod dito.

“Okay lang kahit isumbong mo ako. Hindi pa rin naman niya ’ko papansinin kahit na sabihin mo. Halika na nga. Kumain na lang ulit tayo. Ang sakit sa mata ng tanawin dito,” seryosong sabi nito sabay baba sa librong hawak.

Tumingin ulit siya sa gawi ng kakambal. Busy ito sa kung anong binabasa habang tila kinukulit ng kasama nito. Kilala niya kung sino ang lalaki. It was Rye.

“Hoy, Kevin, teka lang. Kailangan kong puntahan si Maxi,” pigil niya sa binata nang akmang tatalikod na ito.

“Mamaya mo na lang siya kausapin. Mukha namang hindi niya kailangan ng kasama.” Hindi ito

makatingin sa mga mata niya.

Nagbago ang mood nito simula nang makita sina Maxine at Rye. Nakagat niya ang labi nang maisip kung bakit. He was jealous.

“Selos ka, ’no?” Pilit ang ngiti at pabirong tono ni Mandy.

“It’s all right. Mababaw lang ’to. Malayo sa bituka ko.” Hindi umabot sa mga mata ang ngiti nito.

“Gusto mo ipakilala kita kay Maxi?” *Bakit ba inialok pa niya iyon?*

“Nah. I’m all right. Gusto ko makilala niya ako kasi napansin niya ako, hindi dahil sa tulong ng ibang tao. Gusto kong siya mismo ang makaalam na nag-e-exist ako.”

Naiintindihan niya ang sinabi nito.

“Look, I know my twin, and right now, I’m telling you that she’s beginning to be aware of Rye’s presence. Wala ka man lang bang gagawin?” Hindi niya alam kung bakit parang ini-encourage pa niya ito sa kanyang kakambal. Baliw na nga talaga siya.

Hindi niya lang kasi matiis ang nakikitang lungkot sa mata ni Kevin.

“Don’t worry about me, Mandy. Halika na. Ihahatid na kita sa inyo tatal wala ka nang klase. Sigurado akong ihahatid ni Rye si Maxine.”

Wala na siyang nagawa nang hatakin siya nito palabas sa library. Kevin really liked her twin pero hindi niya maintindihan kung bakit ayaw nitong humakbang pasulong. If she were in his shoes, she would chase her loved one and she’d never give up.

Marahan niyang pinisil ang kamay ni Kevin na nakahawak sa kanya ngunit hindi nito iyon pinansin.

*I’m sorry, Kevin. I don’t think I’d be able to hand you over someone else.*

# 3

“Good morning, Ma’am Mandy,” nakangiting bati ni Karen kay Mandy pagtapat niya sa table nito.

Ibinaba niya ang kanyang shades at niyakap ito. “Good morning din. Na-miss kita. May pasalubong ako sa ’yo. Fresh na fresh galing sa Palawan.”

Tumawa ito. “Lalaki ba ’yan, ma’am? ’Yong may masarap na pandesal?”

Nginisian niya ito. “You wish.”

“Eh, ano nga ’yong pasalubong mo?”

“Buhangin.” Tumawa siya nang makita ang hitsura nito.

“Praning ka pa rin, ma’am. Huwag ka munang pumasok. May kausap pa si sir. Baka makasapak ka lang.”

Tumaas ang kilay niya sa sinabi ni Karen. Umupo siya sa upuan sa harap ng lamesa nito at nagsimulang interview-hin ito tungkol sa amo.

“Sino na naman ang nakapulupot sa amo mo ngayon? Sigurado akong babae ang kasama n’on sa

office niya.” Nanggigigil na ibinaba niya ang bag sa table.

“Chill ka lang, ma’am. Wala pa ring panama sa ’yo si Chloe. Masyado kang maganda para i-compare sa kanya. Panalo ka sa lahat ng antas.”

Hindi tumatak sa isip niya ang papuri nito.

“Chloe? Akala ko ba Jia ang pangalan ng girlfriend niya?” Ngumiti ang kausap sa kanya. Noong isang linggo lang, Jia ang pangalan na binanggit nito.

Alam niyang may pagkapabling ang amo nito pero bakit parang nagiging mas madalas yata ang pagpapalit nito ng babae ngayon?

“Break na sila n’ung Jia, ma’am. Actually, hindi ko talaga alam kung girlfriend ba ni sir si Chloe. Madalas kasing dumadalaw dito ’yon. Ako lang ang nag-conclude na girlfriend niya ’yon. Ikaw na lang ang magtanong kay sir mamaya. Kayang-kaya mo ’yon.”

Umirap siya sa kawalan. “Right. Kanina pa ba nasa loob ’yong Chloe?”

“Mga thirty minutes na. Pero baka palabas na rin ang mga iyon. Lagi kasi silang sabay na mag-lunch kapag dumadalaw si Chloe. Oh! ’Ayan na sila Ma’am.”

Tumaas ang kilay ni Mandy. Napatingin siya sa bumukas na pinto ng private office ni Kevin. Nag-init kaagad ang ulo niya nang makita ang babaeng nakalingkis sa matipunong braso ng binata.

“Ang kapal ng mukha. Pangit naman,” mahinang sabi niya. Narinig niyang tumawa si Karen. Hindi pa rin siya napapansin ni Kevin dahil ang atensyon nito ay nasa babaeng anaconda.

Naglakad siya palapit sa mga ito. Sinadya niyang maglakad na para siyang nasa catwalk. International model siya at hindi siya papayag na maungusan ng babaeng inilublob ang mukha sa food color. Lumikha ng bahagyang ingay ang kanyang stilettos sa bawat paghakbang niya.

Ilang sandali pa ay nakuha na niya ang atensyon ng dalawa. Gulat ang mababakas niya sa mukha ni Chloe. Tahasan niya itong tinaasan ng kilay bago siya tumingin kay Kevin. Saglit na rumehistro ang pagkagulat sa mukha nito pero ngumiti rin ito agad sa kanya.

“Kevin, is that Mandy?” narinig niyang bulong ng babae kay Kevin.

Marahan niyang hinawi ang nakalugay na buhok at nagpaunlak ng pekeng ngiti kay Chloe.

“Yes, I am Mandy Jade Tinco.” Napasinghap ang babae sa kanyang sinabi.

“Mabuti naman at naisipan mong bumalik, Mandy. Akala ko sa Palawan ka na titira.”

Tinawanan niya ang sinabi ng lalaki. “Missed me? I was away for two months only, Kevin. Kakabalik ko lang kahapon. I thought we could do some catching up but I can see that you’re busy.”

Ngumiti siya nang palihim nang makitang bumaling si Kevin kay Chloe at tinanggal ang pagkakalingkis ng mga braso nito. Mabuti na lang. Kung siya ang gagawa niyon ay baka wala nang braso ang babae sa mga sandaling iyon.

“Chloe, sa ibang araw na lang tayo mag-lunch. May pag-uusapan lang kami,” sabi ni Kevin dito.

Bumaling sa kanya si Chloe. Tinaasan niya ito ng kilay. Nanliit ang mga mata nito, marahil ay naiinis na sa kanya.

“Pero, Kevin, puwede namang sa ibang araw na lang kayo mag-catch up, di ba?”

“She’s right, Kevin. Aalis na ako. Enjoy your date.” Tumalikod na siya sa mga ito at lihim na napangiti. Alam niyang sa kanya pa rin ang tagumpay.



“No! Wait, Mandy.” Hindi pa siya nakakatatlong hakbang ay hawak na ni Kevin ang braso niya. Alam niyang siya ang pipiliin nito.

Ngumiti siya nang matamis kay Kevin at tumingin kay Chloe. Namumula na ang mga pisngi nito dahil sa inis.

“Stay, Mandy. Chloe, I’ll call you later. Dala mo naman ’yong kotse mo, di ba?”

She won! Tumingin siya nang nakakaloko sa babae na mukhang lalong nagpainis dito.

“Pero, Kevin...”

*Aba’t sisingit pa?* Iniangkala ni Mandy ang braso sa braso ni Kevin at tumingin sa binata.

“Gusto niya yatang ihatid mo siya, Kevin.” She caught Chloe mouthing ‘bitch.’

“There’s no need. Di ba, Chloe?” Iyon lang at tinalikuran na nito ang babae habang hatak-hatak siya papasok sa private office nito. Nang maisara nito ang pinto ay naupo kaagad ito sa swivel chair at hinilot ang ulo.

“Problem?” untag niya.

“Wala. Kumain ka na ba?”

“Nope. Pa-deliver ka naman ng pizza rito with extra ketchup.” Umupo na siya sa upuan sa tapat nito at itinaas ang mahahabang biyas sa dulo ng lamesa nito. Her skinny jeans emphasized her shapely legs. Napansin niyang napadako ang tingin ni Kevin doon.

“Mandy, ibaba mo nga ’yang paa mo. Dinudumihan mo ang table ko.”

Inirapan niya ito, pero hindi sinunod ang ipinagagawa nito. Sa halip, binutingting na lang niya ang magazine na nasa lamesa nito. “Umorder ka na. Gutom na ako. Gusto ko rin pala ng fries.” Muli siyang nakarinig ng malalim na paghinga mula rito, at mayamaya pa ay tinawagan na nito si Karen para magpa-order ng lunch nila.

“How are you?” narinig niyang sabi nito nang matapos ibaba ang phone. Hindi na siya nag-abala pang tumingin dito dahil abala siya sa paglilipat ng pahina ng magazine.

“I’m fine. Hindi ko alam na fan pala kita. You bought this magazine.” Itinaas niya iyon at sinadyang ilagay sa pahina kung saan naka-two-piece swimsuit siya at kitang-kita ang magandang hubog ng kanyang katawan.

Medyo nadismaya siya nang makitang hindi man

lang ito naapektuhan sa kanyang ginawa.

“It’s not mine. Baka naiwan ni Chloe.” Mas lalo siyang nadismaya sa narinig.

“Never kang bumili ng magazine na ako ang cover, Kevin?”

“Why do I need to do that? Madalas kitang makita. Bakit kailangan ko pang bumili ng magazine na nakabandera ang mukha mo?” Gusto niyang paniwalain ang sarili na may iritasyon sa boses nito habang sinasabi iyon ngunit alam niyang wala.

It had been years pero hindi pa rin nagbabago ang nararamdaman niya para rito. Mas lumalim pa nga iyon. Ang nakakalungkot, hindi rin nagbabago ang nararamdaman ng binata. Kaibigan pa rin ang turing nito sa kanya. Kaibigan lang.

“Wala lang. Pampataas ng sales.”

“Wala akong interest sa ganyan, Mandy. Wala akong oras na magbasa ng mga magazines, ’tsaka ano’ng gagawin ko doon pagkatapos kong basahin?”

“Sunugin mo kung iyon ang makakapagpasaya sa ’yo.”

Narinig niya ang mahinang pagpalatak nito. “How’s your schedule this month?” pag-iiba nito sa

usapan.

Kinagat niya ang labi. “May photoshoot ako sa Aurora two weeks from now. Hindi ko alam kung gaano iyon katagal. Wala pa yata akong assignment before that.”

Nangalumbaba ito sa lamesa at tumingin nang mariin sa kanya. “Good.”

“Good? Bakit? Aayain mo ba ako ng date?”  
Nginisian niya ito.

“If you can consider hiking as a date, then yes. Let’s hike.”

Sumakit ang ulo niya sa narinig. Hindi siya mahilig sa bundok. She preferred beaches to mountains. Iyong huling inakyat nila ni Kevin ay halos mahimatay na siya sa sobrang pagod.

“Hiking na naman? Wala ka ba talagang balak na ayain ako sa normal na date? Like a candlelit dinner? Kahit lunch. Bakit hindi si Chloe ang ayain mong umakyat ng bundok?”

“Hiking is fun. A dinner date is boring. Chloe is not fond of nature, so malamang hindi iyon sasama sa akin kahit ayain ko.”

“And what gave you the idea na sasama ako?”

Hindi rin ako fan ng nature!”

“Because you can’t turn me down, Mandy. Isa pa, maganda sa legs mo ang pag-akyat sa bundok.”

“Maganda na ang legs ko, Kevin. Hindi ko na kailangan pang umakyat ng bundok. Hindi mo na ba maalala kung ano’ng nangyari sa akin sa huli nating pag-akyat nang dahil lang sa gusto mong makalimot sa pagpapakasal nina Maxine at Rye?” Tila hindi inaasahan ni Kevin ang sinabi niyang iyon.

Nag-iwas siya ng tingin dito. Nang maikasal kasi ang kakambal niya, isinubsob ni Kevin ang sarili sa pagtatrabaho at sa pagpunta sa kung saan-saan. Siya namang tanga ay sunod nang sunod kung saan nito gustong pumunta.

Hindi nabigyan si Kevin ng pagkakataon na makapagtapat kay Maxine. But they became close to the point na isa ito sa mga takbuhan ni Maxine noong panahong pinagtataguan ng kapatid niya si Rye. Si Kevin ang isa mga tumulong dito at dumamay.

Kevin cleared his throat. “Tamad ka pa kasi n’on kaya pagod na pagod ka. Isa pa, wala kang tulog at pahinga n’ung umakyat tayo. Ayaw mo bang mag-unwind?”

Tumingin siya nang matalim dito. “Unwind? Mas

nai-stress nga ako sa pag-akyat ng bundok. Ayoko! Magpapahinga na lang ako sa condo ko. Humanap ka na lang ng ibang isasama mo. Teka nga, bakit ba gusto mo na namang umakyat? Inano ka na naman ba ni Maxi?”

Ngumiti lang ito sa kanya saka sumandal sa upuan. “Wala. I haven’t seen Maxi for a long time now. Si Rye na lang ang nakikita ko. Mukhang itinatago ni Rye sa mundo ang asawa niya. Well, kung katulad ni Maxi ang asawa ko, malamang itatago ko na nga lang din siya para walang ibang makakita sa kanya.”

Umikot ang mga mata ni Mandy sa sinabi nito. Hindi ba ito titigil sa paghahabol sa kanyang kapatid?

Well, hindi na nga siguro ito naghahabol, pero hindi pa rin nito kinakalimutan si Maxine.

“For Pete’s sake, Kevin, kalimutan mo na ang kapatid ko! Masaya na iyon sa asawa niya,” naiinis na payo niya.

Hindi niya inaasahan na ngingiti lang ito. Kung noon iyon, mananahimik na ang binata at hindi na kikibo.

“Huwag kang mag-alala. Alam na alam din namin nina Rendell kung gaano kabaliw si Rye kay Maxi. Ganoon naman halos lahat ng kaibigan ko pagdating

sa asawa nila. Gustong itago na lang ang mga misis nila. Kailan ko kaya mararamdaman iyon?”

Ano raw? Nagpapahiwatig ba ito na gusto na nitong mag-asawa?

Paano ito makakapag-asawa kung hindi pa rin nito mapakawalan ang nararamdaman para kay Maxine? At hindi siya papayag na mapunta ito sa ibang babae. Siya ang nagtityagang makisama rito. Hindi siya papayag na iba ang makinabang sa paghihirap niya.

“Marry me then, Kevin.”

Bumalandra ang labis na pagkagulat sa guwapong mukha nito, pagkatapos ay kumunot ang noo. “What are you saying? Are you serious?”

“Bakit? Akala ko ba gusto mo ring maramdaman iyon? Eh, di magpakasal ka rin. Willing akong maging bride mo. Hindi ka na mahihirapang makisama sa akin tatal matagal na tayong magkakilala.”

Kinurot nito ang tungki ng kanyang ilong at huminga nang malalim. “Puro ka kalokohan. Iyan ba ang natutunan mo sa pananatili mo sa Palawan? Pinasok na yata ng buhangin ang utak mo,” natatawang sambit nito.

Napayuko si Mandy sa sinabi nito. Kailan kaya nito seseryosohin ang nararamdaman niya para rito? Ilang beses na ba siyang nagparamdam? Pero hindi nito iyon pinapansin.

“Paano kung hindi ako nagbibiro, Kevin? Ayaw mo ba sa akin?”

Napaawang ang mga labi nito at napahilamos sa mukha. “Alam nating pareho ang sagot diyan, Mandy.”

Bakit nga ba itinanong pa niya? Mula’t sapul nga pala, iba ang may-ari ng puso nito at mukhang kahit ano ang gawin niya ay hindi niya iyon makukuha. Minsan, gusto na lang niyang sukuan ang nararamdaman para rito, pero hindi rin niya mapangatawanan.

Ilang taon din siyang namalagi sa Paris noon para sana kalimutan si Kevin, pero muli siyang nagbalik sa Pilipinas dahil hindi niya matiis na hindi ito makita. Mahal talaga niya ang tanga. Bagay naman sila. Siya nagpapakatanga rito habang ito ay nagpapakatanga rin sa iba. Bakit nga ba hindi na lang sila? Bakit ba hirap na hirap si Kevin na makita siya sa tabi nito?

“Natahimik ka na diyan. Gutom ka na ba?”

Muli siyang napatingin dito at binigyan ito ng



ngiti. Ngiting alam niyang hindi umabot sa kanyang mga mata.

“Oo, kanina pa. Huwag mong bibigyan ng tip ang magde-deliver ng pagkain natin. Hanggang ngayon wala pa din siya. Baka tunaw na ang lahat ng bituka ko kapag dumating siya.”

Humalakhak si Kevin.

She missed that so much.

“Masama ka talagang ginugutom, Mandy. Baka naman traffic lang. Pag-isipan mong mabuti ang hiking natin, ha?”

“No, Kevin. My decision is final. Hindi na ako magpapakatanga sa pagsama sa 'yo sa pag-akyat sa pahirap na bundok. Wala rin naman akong mapapala. Ako lang ang mahihirapan at masasaktan. I'd rather chill at my place. Hindi ko naman kailangang umakyat ng bundok para sumaya.”

Mukhang naguluhan ito sa kanyang sinabi. Kevin couldn't read between *her* lines. Lagi naman. Pagdating sa kanya, masyadong manhid ito. Lahat ng pasaring at pagpaparinig niya ay balewala lang dito.

“Asan na ba 'yong pagkain mo? Nakakatakot ka na. Ang lalim na naman ng mga sinasabi mo, Mandy.

Gusto mo bang matulog muna? Mukhang pagod ka.”  
Tumayo ito at hinawakan ang ulo niya.

“No, Kevin. Ayos lang ako. Gutom lang.”

Humalakhak ito at lumuhod sa harapan niya. “Kung nahihirapan ka na, sabihin mo na lang, Mandy. Walang mangyayari kung kikimkimin mo iyan. Hindi ko alam kung tungkol saan ’yong sinasabi mo pero ramdam ko ang pagkapagod sa tinig mo. Do you want to go somewhere else? I’ll help you unwind.”

Ngumiti lang siya nang pilit dito. Matagal na siyang nahihirapan at hindi rin niya alam kung bakit ayaw pa niyang tumigil. She was still clinging onto that tiny chance that his heart could be hers. She was still wishing that hopefully, someday, he would look at her as if she was the only woman in the world for him.